**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 8, 43-52

# Tinig ng hustisya sa lipunang Pilipino: Sipat-suri sa akdang *Siyap ng Isang Sisiw* ni Eugene Y. Evasco




Allado, April Joy C. ✉
*Leyte Normal University, Philippines (aprilallado003@gmail.com)*

**Received**: 3 April 2025 **Revised**: 16 April 2025 **Accepted**: 21 April 2025
**Available Online**: 25 April 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25062

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

***Abstract***

Despite various reforms and changes in Philippine society, violence remains widespread and deeply rooted in all corners of the country. Regardless of age—whether young or old—many Filipinos continue to experience forms of violence. It is evident that injustice persists, and while the poor continue to suffer, those in power often prevail. This study is a qualitative content analysis that aims to explore the outcry for justice in Philippine society through the literary work *Siyap ng Isang Sisiw* by Eugene Y. Evasco. The researcher examined the text's elements, themes, characters, and symbolism to uncover how the work reflects the struggle for justice. Findings reveal that the literary piece highlights the persistent lack of justice and the difficulty in attaining it, which remains relevant in contemporary society. The work portrays a society where justice is elusive, especially for the marginalized and powerless. It mirrors the real-life experiences of many Filipinos who face a flawed justice system and worsening poverty. The piece underscores systemic inequality, where those in authority exploit their positions to oppress the vulnerable. These issues contribute to the ongoing cycle of abuse and hinder the true realization of justice. By examining the narrative of *Siyap ng Isang Sisiw*, this research emphasizes the need for societal change and a more equitable justice system. It reflects the voices of the silenced, calling for awareness and action toward a fairer and more compassionate society.

***Keywords:*** justice, social issues, short story, theme, symbolism

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Tinig ng hustisya sa lipunang Pilipino: Sipat-suri sa akdang *Siyap ng Isang Sisiw* ni Eugene Y. Evasco

## 1. Panimula

Ang hustisya ay isang bagay na hindi dapat ipinagkakait bagkus dapat ito'y ibigay sa mga taong naghahanap nito. Kung ang bawat tao ay may karapatang makapag-aral dapat rin na ang bawat isa ay may karapatang makamit ang inaasam nitong hustisya mapa-bata man o matanda. Ang hustisya ay maituturing na daan tungo sa kapayapaan at kaayusan ng lipunan. Ang Pilipinas ay isang demokratikong malayang bansa na kung saan ang lahat ay pantay-pantay at may pantay na karapatan. Ngunit hindi maikakaila na ang pagiging pantay-pantay ay hindi na nasusunod sapagkat ang bansa ay binubuo ng dalawang uri ng pamumuhay; ang mahirap at mayaman.

Ang pagsusuring ito ay nakatuon sa akda ni Eugene Y. Evasco na pinamagatang "Siyap ng Isang Sisiw". Si Eugene Y. Evasco ay isang propesor ng panitikan at malikhaing pagsulat, bukod sa pagiging manunulat, editor, tagasalin, at kolektor ng mga aklat na pambata. Sa pagsulat ay isinaalang-alang niya ang kawilihan ng mga bata at may haplos ng personal. Sa taong 2009, nakatanggap si Evasco ng Palanca Hall of Fame para sa Carlos Palanca Award for Literature. Nakatanggap ito ng maraming parangal sa Gawad Palanca simula sa taong 2000 hanggang 2018. At sa taong 2018 siya'y nakatanggap muli ng parangal para sa akdang Siyap ng Isang Sisiw. Ang maikling kwentong ito ay makikitaan ng kawalan ng hustisya sa lipunang Pilipino particular na sa mababang sektor ng Lipunan.

Isa sa suliranin ng Pilipinas ay ang kawalan ng hustisya na talamak pa rin hanggang ngayon. Ayon kay Tulfo (1) patuloy pa rin ang pagkakaroon ng hindi pantay-pantay na pakikitungo sa mayaman at sa mahirap lalo na pagdating sa paghingi ng katarungan na kung saan isa itong malinaw na balakid. Ika nga nito makaluma at mabagal ang sistema ng hudikatura ng bansa na kung saan hindi maikakaila na maraming mga hukom ang nababayaran at pera-pera lang ang usapan. Kung kaya't para sa mga mayayaman at makapangyarihan ay madali lang sakanila ang makuha ang hustisya at kalayaan. Mas lalo pang sumiklab ang kawalan ng hustisya sa pamumuno ng dating pangulo na si Rodrigo Roa Duterte.

Nang magsimula ang war on drugs at ang extrajudicial killings ay ito na ang naging pinakamalalang suliranin sa karapatang pantao lalo na at ang kabataang Pilipino ang pinakanagdusa sa desisyon ng dating pangulo. Ang extrajudicial killings o EJK ay ang pagpaslang sa isang tao ng mga awtoridad nang walang awtorisasyon mula sa hukoman o anumang legal na proseso. Ang masalimuot na isyu ng EJK sa ating bansa ay nagpapakita ng kawalan ng patas na pagpapatupad ng hustisya o pagpapataw ng batas sa mga indibidwal na nanggagaling sa sektor ng mahihirap o karaniwang mamamayan. Ito ay dahil ang karamihan sa mga biktima ay mga taong walang kaya o mga karaniwang mamamayan lamang (Castillanes 1). Dahil sa estado ng buhay hirap ang mga ito makahanap at makatanggap ng legal na tulong kung kaya't mas kawawa ang mga walang koneksyon sa mga abogado. Ayon nga kay Abadines (1) na kaya hindi nagtatangkang maghain ng kaso ang mga mahihirap dahil alam nilang hindi nila kayang magbayad ng abogado at tatagal ng maraming taon bago matapos ang kanilang kaso.

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sapagkat dito mailalahad ang isa pang isyung panlipunan na nakakubli sa maikling kwentong ito. Dito mapapalawak ang kaalaman tungkol sa kawalan ng hustisya sa mga mababang sektor ng lipunan at ang ginagawa nito upang makamit ang katarungang inaasam. Makakatulong ito sa pagpapamulat ng kaalaman sa kung gaano kalupit ang mga makapangyarihan at nakakataas sa lipunan.

Sa pag-aaral na ito binibigyang tuon ang isa sa isyung panlipunan ang kawalan ng hustisya sa lipunang Pilipino at ang gawain nito upang makamtan ang katarungan na nakapaloob sa maikling kwentong ni Eugene Y. Evasco na pinamagatang "Siyap ng Isang Sisiw". Magsisilbing tiyak na layunin ang (1) elemento, (1.1) tema,

(1.2) simbolismo, at (2) hustisya sa lipunang Pilipino.

***Layunin*** **-** Ang maikling kuwento ni Eugene Y. Evasco na pinamagatang "Siyap ng Isang Sisiw" ay nagpapakita ng hinaing sa kawalan ng hustisya sa lipunang Pilipino. Magsisilbing tiyak na layunin ang mga sumusunod: 1) Elemento, 1.1) Tema, 1.2) Tauhan, 1.3) Simbolismo, at 2) Hustisya sa Lipunang Pilipino.

***Kaligirang Teoretikal*** **-** Ang pagsusuring ito ay nakasalig sa paniniwala ng mga teoryang pormalistiko, humanismo, arketipal, at realismo. Sa pamamagitan ng mga teoryang ito dito masisipat at masusuri ang mga elementong saklaw sa pag-aaral at tutugon sa layunin. Sa teoryang pormalismo nilalayon nito na mabigyang diin ang porma ng isang teksto—ang kaniyang istilo at ang kaanyuan nito. Ayon sa pag-aaral ni Medalla (3), sa dulog pormalistiko ay ninanais nito na iparating sa mambabasa ang nais niyang ipaabot gamit ang tuwirang panitikan. Sinasabing mas madaling magpahayag kung gumamit ng simple at natural.

Sa pamamagitan ng paggamit ng teoryang pormalismo, bibigyang tuon ng manunuri ang naging istilo, kaanyuan, at estruktura ng pagsulat. Ito'y magiging daan upang matukoy ang tema na siyang tutugon sa unang layunin nito na saklaw ng elemento.

Gagamitin ang teoryang humanismo sa pagsusuring ito upang matalakay ang pangalawang elementong saklaw ng pagsusuri—ang tauhan. Nakapokus ang teoryang ito sa tauhan ng kuwento at binibigyang-pansin ang mga talent, mabubuting katangian, at talino at marami pang iba sa maraming bagay. Ayon nga kay Limbo (1) Ang teoryang humanismo ay pananaw na nakasentro sa tao sa halip na sa Diyos. Sa pilisopiya, ito ay atityud na nagbibigay diin sa dignidad at kahalagahan ng tao.

Kaya naman sa pamamagitan ng teoryang humanismo matutukoy ng manunuri ang naging pagkatao o katangian ng tauhan sa akda. Ito'y magsisilbing daan upang masuri ang naging katangian ng tauhan na sasagot sa unang layunin na saklaw ng unang layunin ang elemento.

Nakasalig din sa pagsusuring ito ang teoryang arkitaypal na kung saan matatalakay nito ang pangatlong layunin na ang simbolismo. Ang teoryang arkitaypal o archetype sa ingles at archetype naman sa Greek na kung saan ayon sa Britannica ito ay nangangahalugang "orihinal na pattern" kung saan sa pampanitikan na pagsusuri ito ay isang orihinal na imahe, tauhan, o pattern ng mga pangyayari na paulit-ulit na lumilitaw sa buong panitikan at kaisipan nang sapat na kadalasang ituring bilang isang pangkalahatang konsepto o sitwasyon. Ang teoryang arkitaypal ay nangangailangan ng masusing pag-aaral sa kabuuan ng akda sapagkat gumamit at binibigyang diin ng mga may-akda ang paggamit ng simbolismo upang maipahayag ang tunay na mensahe nito (Peramide 2).

Gamit ang teoryang arkitaypal ay mailalahad ng manunuri ang mga nakatagong mensahe o mga nakatagong kahulugan sa mga salita, pangungusap, at pangyayari na magsisilbing simbolo. Dito masisipat ang mga simbolong ginamit na kung saan may kaugnayan ito sa sinusuring paksa. Ito rin ay tutugon sa unang layunin na saklaw ng elemento—ang simbolismo.

Batay sa pananaw ng teoryang realismo layunin nito na ipakita ang karanasan at nasaksihan ng may-akda sa kaniyang lipunan. Ipinapahayag nito ang pagtanggap sa katotohanan o realidad ng buhay at ipinaglalaban nito ang katotohanan kaysa kagandahan. Ayon kay Battad (2), ang layunin ng teoryang ito ay ang ipakita ang mga karanasan at ng mga nasaksihan ng may-akda sa kaniyang lipunan. Dagdag pa nito dapat maging makatotohanan ang paglalarawan o paglalahad sapagkat ang karaniwang pokus ng paksa ay nauukol sa kahirapan, kawalan ng katarungan, karahasan, krimen, katiwalian, diskriminasyon at iba pang isyung panlipunan.

Kaya naman gamit ang teoryang realismo dito masusuri ang isa sa mga isyung panlipunan na kawalan ng hustisya na nakakubli sa akda ni Evasco. Dito mailalarawan ang naging kaganapan ng tauhan sa akda, lugar, at ang pangyayari na talagang hango sa tunay na pangyayari. Sa teoryang ito matutugunan ang pangalawang layunin na ang hustisya sa lipunang Pilipino.

Ang mga teoryang nabanggit ay magsisilbing gabay sa pagsusuri sa maikling kuwento ni Eugene Y. Evasco. Nakatuon ang teoryang pormalismo sa pagsuri sa naging tema ng akda, habang ang teoryang arkitaypal naman ay gagamitin sa pagsuri sa mga nakatagong simbolismo sa mga salita at pangyayari sa akda, at gagamitin naman ang teoryang realismo sa pagsuri sa isa sa isyung panlipunan na ang kawalan ng hustisya na nakapaloob sa akda.

Sa kabuuan ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang kawalan ng hustisya sa likod ng Siyap ng Isang Sisiw na isinulat ni Eugene Y. Evasco.

***Kahalagahan ng Pag-aaral* -** Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sapagkat dito mailalahad ang isa pang isyung panlipunan na nakakubli sa maikling kwentong ito. Dito mapapalawak ang kaalaman tungkol sa kawalan ng hustisya sa mga mababang sektor ng lipunan at ang ginagawa nito upang makamit ang katarungang inaasam. Makakatulong ito sa pagpapamulat ng kaalaman sa kung gaano kalupit ang mga makapangyarihan at nakakataas sa lipunan.

***Saklaw at Limitasyon* -** Saklaw ng pag-aaral na ito ang pagsusuri sa hinaing sa kawalan ng hustisya sa lipunang Pilipino na nakapaloob sa maikling kuwentong “Siyap ng Isang Sisiw” na isinulat ni Eugene Y. Evasco. Nililimitahan ang pag-aaral na ito sa pagtukoy sa elemento na tema at simbolismo at ang hustisya sa lipunang Pilipino.

## 2. Pamamaran ng Pagsusuri

Ang pagsusuring ito ay isang kwalitatibong uri ng pag-aaral na gagamit ng content analysis upang matugunan ang mga layunin ng pag-aaral na ito. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, susuriin ang mga elemento kagaya ng tema, simbolismo, at ang hustisya sa lipunang Pilipino. Magsisilbing tiyak na hakbang ang mga sumusunod:

**Unang Bahagi. Elemento.** Bibigyang tuon ng manunuri ang mga elementong saklaw ng pagsusuri—ang tema, simbolismo, at hustisya sa lipunang Pilipino. Sa pagsusuri tinutukoy ang akda batay sa:

***Unang Hakbang. Tema.*** Sa bahaging ito bibigyang tuon ng manunuri ang nilalaman ng akda. Gamit ang teoryang pormalistiko ay susuriin ang estilo at kaanyuan ng akda at ang pagpapaliwanag sa tema na nauugnay sa isa sa mga isyung panlipunan na nakapaloob sa akda. Mula rito, matutukoy kung paano ginamit ang ilang mga pahayag para mapalitaw ang tema ng akda.

***Ikalawang Hakbang. Tauhan.*** Sa bahaging ito magkakaroon ng paglalarawan sa mga tauhan na nakapaloob sa akda. Gamit ang teoryang humanismo ay susuriin at ilalarawan ang naging pagkatao o katangian ng pangunahing tauhan sa kuwento.

***Ikatlong Hakbang. Simbolismo.*** Bibigyang pokus naman rito ang mga simbolismong nakapaloob sa akda. Gamit ang teoryang arkitaypal ay susuriin ang mga salitang ginamit ng may-akda bilang simbolismo at bibigyang pagpapakahulugan sa isyung panlipunan.

**Ikalawang Bahagi. Hustisya sa Lipunang Pilipino.** Dito makikita sa bahaging ito ang kawalan ng hustisya sa lipunang Pilipino na nakapaloob sa akda. Gamit ang teoryang realismo, sisipatin ng manunuri ang buong teksto ng akda na may kaugnayan sa isyung panlipunan at maihahalintulad sa totoong buhay.

## 3. Metodolohiya

Sa bahaging ito makikita ang resulta ng isinagawang pagsusuri sa akda ni Eugene Y. Evasco na pinamagatang Siyap ng Isang Sisiw gamit ang tatlong teoryang pormalistiko, humanismo, arketipal, at realismo.

### *3.1 Elemento*

Isa sa binigyang tuon ng manunuri ay ang mga elementong tema, tauhan, at simbolismo na kung saan

makikita sa sumusunod ang mga resulta:

*3.2 Tema*

***Kahirapan sa pagkamit ng katarungan.*** Hindi maikakaila na ang pagkamit ng katarungan ay naaayon na lamang sa iilang mga tao katulad ng mga mayayaman o may posisyon sa lipunan. Sa kuwento ang naging kalagayan ng lipunan ay nasa mababang sektor ito na kung saan isa itong isyung panlipunan na talamak pa rin hanggang ngayon. Ito ang naging dahilan kung bakit ang kuwento ay pinakita ang paggamit ng ibang paraan kagaya ng paggamit ng sisiw—ang kanilang siyap upang makamtan ang katarungang inaasam nagpapakita lamang ito ng hindi pantay na pagkamit ng hustisya.

Nagkaroon ng hindi pantay-pantay dahil sa estado sa lipunan at kapangyarihang mayroon ang bawat isa na kung saan ginagamit ito upang pagsamantalahan ang mga nasa mababang sektor. Ang mga mahihirap ang siyang nagiging kawawa sapagkat ito ang natatamaan ng hindi pantay na pagtrato at partikular na sa extrajudicial killings (EJK) na nagaganap. Nang dahil sa hindi pantay-pantay na pagtrato ay hindi na nakakamtan ang kapayapaan na inaasam. Naging magulo na ang paligid napapalibutan na ito ng dilim ng karahasan at ang tanging pag-asa lamang ng mga mahihirap ay ang siyap ng isang sisiw upang makamit ang hustisya na siyang nagpapakita na hindi pantay at kahirapan sa pagkamit dahil kung sa mayayaman ang gamit nila ay ang pera sa mga mahihirap naman ay paggamit ng sisiw at ilalagay ito sa ibabaw ng kabaong.

*"Hindi pumalag ang sisiw kaya walang dahas ang magaspang na palad.*

*Tinalian siya ng sinulid sa isang binti at saka maingat na inilapag sa ibabaw ng gintong kahon."*

Ayon nga kay JainahThalia (1) talo ng mayayaman ang mahirap sapagkat may kakayahan ito na mapawalang bisa ang kaso ng mahihirap sa pamamagitan ng malaking halaga na kung saan isa itong pangyayari na nagpapakita ng hindi pantay na pagbibigay ng tamang hustisya sa mga biktima. Gamit ang pormalistiko ay dito nakita ang naging tema ng akda kaya naman ang akdang Siyap ng Isang Sisiw ay may temang hindi pantay na pagkamit ng katarungan dahil nakasentro ito sa karanasan ng sisiw bilang isang daan upang makamit ang hustisya ng biktima ng krimen na nagmula sa mababang sektor ng lipunan na hindi kayang magbayad o gumamit ng pera para sa pagkamit ng tamang hustisya.

*3.3. Tauhan*

Ang pinakamahalagang elemento ng maikling kuwento ay ang tauhan sapagkat dito nakasentro ang mga nagaganap o ang mga pangyayari sa akda. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang paglalarawan sa mga pangunahing tauhan.

**Talahanayan 1**
*Tauhan*

| Tauhan | Paglalarawan |
|---|---|
| Ang Naiibang Sisiw | Matapang, mataas ang pangarap, ang siyang nagsilbing daan upang makamit ang katarungan |
| Tatang Tandang | Amang may matatag ang loob, mapagmahal, at malaki ang tiwala sa kaniyang anak. |

***Ang Naiibang Sisiw.*** Sa kabila ng pagiging sisiw pa lamang at mula sa mga pangmamaliit ay ipinakita nito na may magagawa siya. Makikita sa katauhan ng sisiw na kahit siya ay munting sisiw pa lamang ay kakikitaan na ito ng pagiging matapang at pagkakaroon ng mataas na pangarap. Talagang hindi maikakaila na likas sa bawat isa ang pagkakaroon ng mataas na pangarap lalo na't karamihan ay may nais patunayan sa buhay karamihan naman ay upang makatulong at makaahon sa buhay. Ngunit sa kuwento, ang naiibang sisiw ay iba ang kaniyang nakamit na pangarap ito ay pangarap ng kaniyang ama na mapili upang gampanan ang tungkulin nito na gamitin ang siyap nito upang magsilbing boses ng mga nanahimik. Kung kaya't sa kuwento ay siya ang naging daan upang makamtan ang katarungan na para sa kaniyang kaibigan na talagang ipinakita nito na kahit siya'y sisiw pa lamang ay kakikitaan na ito ng lakas ng loob. Makikita ito sa pahayag na:

*"Ang taas ng pangarap mo," sabi naman ng ulikba.*

*"Wala ka namang pakpak."*

*"Kahit sisiw ako," pagmamalaki niyang pangako sa sarili,*

*"may magagawa ako."*

Batay sa teoryang humanismo mabibigyang-pansin ang naging kalakasan ng tauhan na siyang nagbigay buhay sa nilalaman ng akda. Nagsilbing sentro ng kwento ang naiibang sisiw dahil sa kaniyang kakaibang mithiin at layunin sa buhay na hindi maihahalintulad sa mga normal lamang na hangarin ng mga katulad niyang sisiw.

Sa kabuuan ay malaki ang naging gampanin ng naiibang sisiw sapagkat ito ang siyang nagdala ng kuwento ang kaniyang pagkakaroon ng mataas na pangarap at kumpiyansa sa sarili na sa kabila ng kaniyang pagiging sisiw at pagmamaliit ay nagawa nito ang tungkulin sa lipunan.

***Tatang Tandang.*** Sa kuwento kakikitaan ang ama ng pagkakaroon ng matatag na loob, pagiging mapagmahal, at may malaking tiwala sa kaniyang anak. Sa buhay hindi maikakaila na ang pagiging magulang ay isang mahirap na tungkulin lalo na't kung iisipin na ang anak ay mawawala'y sa piling ng magulang upang gawin ang gusto nito o abutin ang mga pangarap. Sa kuwento ay makikita ang labis na pagtutulak ng Tatang tandang sa sisiw nito upang gawin ang tungkulin nito bilang isang sisiw kahit lingid sa kaalaman nito na malalayo ang sisiw nito sa piling nila na ganoon rin sa totoong buhay ang pagpapaaral sa mga anak hanggang sa makapagtapos ng kolehiyo at hanggang sa makapagtrabaho at magkaroon ng pamilya. Naging matagumpay ang pagtutulak ng Tatang tandang sa sisiw at pagbigay suporta dito sapagkat maliban sa nagawa nito ang tungkulin ay nakamit nito ang pangarap nito para sa kaniyang sisiw na talagang makikita rin sa totoong buhay bilang isang magulang na may mataas rin na pangarap para sa kaniyang anak.

*"Mahalaga ka," pamamaalam ng Tatang Tandang.*

*"Iyan ang tungkuling dapat mong ikarangal."*

*"Kahit ako'y isang sisiw lamang?"*

*"Kahit ika'y sisiw pa," pagdidiin ni Tatang Tandang.*

Batay sa teoryang humanismo ang naging gawi ng Tatang tandang sa sisiw na ito ay dahil sa labis na pagmamahal dito. Kakikitaan na labis ang tiwala nito sa kaniyang anak kahit na munting sisiw pa lamang ito ay alam na nito na may magagawa ang sisiw na ito na may maitutulong sa lipunan upang mapabuti ito. Naipakita ang naging kalakasan ng ama kaya naman ang pagmamahal ng isang ama sa kaniyang anak—ang pagkakaroon ng mataas na tiwala ay nakakatulong upang mahubog ito at magkaroon ng kumpiyansa sa sarili.

Sa kabuuan gamit ang teoryang humanismo naging gabay ito upang mailarawan ang naging kalakasan o katangian ng tauhan sa maikling kuwento. Kakikitaan ng pagiging matapang, pagtitiwala, at pagkakaroon ng mataas na kompyansa sa sarili dahil iba ang ninanais nitong pangarap. Nais nitong maging bida sa looban, maging isang tagagising ng nahihimbing na pamayanan—maging boses ng mga nananahimik.

*3.4. Simbolismo*

Ang mga simbolismo sa akdang ito ay nagbibigay ng mas malalim na pagpapakahulugan sa mga salita, karakter, o mga pahayag na siyang nagpapaganda sa akda. Dito makikita ang mga ginamit na mga salita upang magpahiwatig ng mensahe o ideya sa mambabasa. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang ginawang pagsusuri sa mga salitang ginamit at ang pagpapakahulugan nito.

**Talahanayan 2**
*Simbolismo*

| Simbolismo | Pagpapakahulugan |
|---|---|
| Siyap ng isang Sisiw | Sumasalamin sa pagiging boses upang makamit ang hustisya |
| Napipintahan ng pula ang lansangan | Mga bahid ng dugo ng nabibiktima ng krimen |
| Kamatayang nakamotorsiklo | Simbolo ng mga taong nakamotorsiklong nangingitil ng buhay |

***Siyap ng isang Sisiw.*** Batay sa kuwento sumasalamin ito sa pagiging boses upang masiwalat ang totoong maysala at makuha ang tunay na hustisya. Ang pagiging mahirap ay malaking suliranin sapagkat isa itong balakid upang makamit ang kagustuhan katulad ng kagustuhang makakamit ang katarungan ngunit nang dahil sa kahirapan ay hindi ito nakakamtan. Mas lalo pang naghihirap ang mga mahihirap dahil maliban sa hirap silang makuha ang hustisya ay hindi rin pantay ang pagtrato sakanila kung kaya't ang pagkamit ng hustisya ay idinadaan na lamang sa paggamit ng pamahiin. Kakikitaan na sa pamamagitan ng paggamit ng siyap ng sisiw bilang pamahiin ng mga Pilipino naging daan ito upang mahuli at ang mga maysala. Sa maikling kuwento ang nasawi ay nagmula sa mababang sektor ng lipunan na kung saan sa kadahilanang walang sapat na pera ay idinaan na lamang sa sisiw ang pagkamit ng hustisya imbis na dumaan sa mga legal na proseso na kinakailangan ng malaking halaga ng pera. Mababanaag sa akdang Siyap ng isang Sisiw na ipinakita ang labis na pagsiyap ng sisiw upang masiwalat ang katotohanan. Makikita ito sa pahayag na:

*"pag-igihan mo na ang pagsiyap. Huwag kang mahihiya sa mga tao.*

*Dalasan mo lalo na kapag may mga nakikiramay."*

*"Bawat siyap mo ay may kakayahang kalabitin*

*ang konsensiya ng maysala."*

Sa pamamagitan ng teoryang arketaypal ay nagbigay ito pagpapakahulugan na ang siyap ng isang sisiw ay may nakatagong mensahe na maaaring tumukoy sa pagiging boses upang maglantad ng katotohanan. Mga katotohanan na nababalot ng mga kasinungalingan at kasakiman ng mga may kapangyarihan. Kaya naman sa kuwento ay ang siyap ng isang sisiw ang nagsilbing susi upang makuha ang tunay na hustisya ng biktima. Maaaring magsilbing boses para sa mga naaapi at ng mga nananahimik. Ang siyap ng isang sisiw ang siyang magiging daan upang paingayin ang mga tinig ng mga naaabuso ng mga matataas ang estado o posisyon sa lipunan.

Sa pangkalahatan ang siyap ng isang sisiw sa akdang isinulat ni Eugene Y. Evasco ay nagsilbing susi sa upang ang mamayang Pilipino lalo na ang mga biktima ng krimen ay makamtan ang tunay na katarungan na kanilang inaasam lalo na't hindi katanggap-tanggap ang sinapit ng kaibigan ng sisiw sa kuwento.

***Napipintahan ng pula ang lansangan.*** Tumutukoy ito sa mga bahid ng dugo na kumakalat sa paligid—sa lansangan patunay na may pangyayaring patayan. Mga krimeng nangyayari sa paligid kung saan kahit sino ay maaaring maging biktima. Simula noong nangyari ang pagkakaroon ng extrajudicial killings at ang pangyayaring tokhang naging talamak na ang kaganapang pagpaslang sa mga taong inaakalang may mga sala o kasangkot sa droga na kung saan agaran na lamang ito binabaril sa kahit saang banda sa paligid na nagiging resulta sa pagkalat ng mga bahid ng dugo.

*"Nabubulabog ang looban kapag may mga putukan. Mula sa madilim na*

*kanto, hahagibis ang motorsiklo ng Kamatayan. Tututukan ang itinuturong salarin."*

Ang maikling kuwento ni Eugene Y. Evasco, "Siyap ng Isang Sisiw" ay gumamit ng teoryang arkeytapal upang masuri ang simbolismong napipintahan ng pula ang lansangan na kung saan tumutukoy sa makatotohanang pangyayari sa lipunang Pilipino. Maaari itong maging simbolo ng mga karahasang pangyayari

mga dugo ng mga walang kalaban-laban na walang kaawa-awang pinaslang. Sa teoryang ito dito nasuri ang tinatago pang mensahe ng pahayag na siyang nagbigay buhay at linaw sa daloy ng kuwento.

Kaya naman ang "napipintahan ng pula ang lansangan" sa kuwento ay sumisimbolo ng krimen na nagpapakita ng ugnayan sa buong tema ng akda. May ugnayan rin ito sa krimeng extrajudicial killings na talagang talamak ang pagkakaroon ng ganoong pangyayari.

***Kamatayang nakamotorsiklo.*** Ang kamatayang nakamotorsiklo sa kuwento ay sumisimbolo sa mga taong pumapaslang ng tao kahit ito'y inosente. Nagsimula ang pagkakaroon nito ng dahil sa war on drugs na naging sanhi ng pagkakaroon ng operasyong tokhang para sa mga pulis na kung saan kahit sino na lamang ang binabaril ng mga ito kahit walang ebidensya. Makikita ito sa pahayag na:

*"Napagbintangan ang bata."*

*"Nanlaban daw kasi."*

Sa pamamagitan ng teoryang arketaypal ay dito nasuri ang mga simbolismong ginamit sa kuwento upang maghatid ng mensahe na may ugnayan sa naging tema ng maikling kuwento. Ang mga naging simbolismo ng akda ay nakasentro sa mga pangyayari sa isang krimen partikular na sa pangyayaring extrajudicial killings. Ang simbolismong napipintahan ng pula ang lansangan at kamatayang nakamotorsiklo ay ang nagbibigay patunay na katulad ito sa nangyayari sa reyalidad. Ang naging pahayag ni Duterte na "Shoot to Kill Oder" laban sa usaping kontra-droga bilang parusa sa mga sinumang mahuhuling nagtutulak ng droga. Dahil sa pahayag na ito maraming tao ang nagsimulang mangitil ng buhay sa pag-aakalang maaari na ang sinuman kumitil ng buhay kapag napag-alaman itong nagbebenta ng bawal na gamot (Olanda et al. 1)

Sa kabuuan ang mga simbolismong ginamit ay nagpakita ng pagkakaugnay sa tema ng akda na kawalan ng katarungan sa lipunang Pilipino. Ang bawat simbolismo ay may nakatagong mensahe na kokonekta sa temang kawalan ng katarungan. Ang paggamit ng siyap ng isang sisiw bilang isang simbolismo sa akda ay nagpakita ito ng pagiging daan upang maisiwalat ang katarungang dapat mayroon ang mga biktima lalo na't wala itong mga kalaban-laban.

*3.5 Hustisya sa Lipunang Pilipino*

Sa maikling kuwento ni Evasco, makikita ang kawalan ng hustisya sa lipunang Pilipino na siyang naging tema ng akda. Masisipat sa sumusunod na talahanayan ang pahayag na magpapakita ng kawalan ng hustisya.

**Talahanayan 3**
*Hustisya sa Lipunang Pilipino*

| Pahayag | Hustisya sa Lipunang Pilipino | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| Isang siyap at nakikita na ng sisiw na nakaposas ang kamatayang nakamotorsiklo. | Ang hustisya sa lipunang Pilipino ay naaayon na lamang sa mga may kakayahang magbayad o sa mga may pera. | Ito ay isa sa mga suliranin na kinakaharap ng mga mamayang Pilipino partikular na ang mga nasa laylayan ng lipunan. |

***Isang siyap at nakikita na ng sisiw na nakaposas ang kamatayang nakamotorsiklo.*** Sa lipunang Pilipino partikular na ang mga nasa mababang sektor ay hindi maikakaila na idinadaan na lamang sa paggamit ng mga pamahiin upang makamtan ang inaasam. Kagaya sa nangyari sa kuwento ang pamilya ng biktima ay gumamit ng isa sa mga pamahiin ng Pilipino—ang paggamit ng sisiw upang ilagay sa ibabaw ng kabaong upang kalabitin ang konsensya ng isang kriminal o maysala. Sinasabing sa pagsiyap ng sisiw ay nagawa nitong isiwalat at mapahuli ang maysala. Nangyayari lamang ito dahil sa kawalan ng pera upang kumuha abogado at dumaan sa legal na proseso para sa pagkamit ng hustisya. Patunay lamang ito na hirap ang mga nasa laylayan ng lipunan na makuha ang tunay na hustisya. Isa itong isyung panlipunan na talamak pa rin hanggang ngayon dahil patuloy pa rin ang pang-aabuso ng kapangyarihan—ang paggamit sa mga posisyon nito sa lipunan upang mangitil ng buhay ng mga walang kalaban-laban. Kaya naman sa kuwento ay ipinakita na sa bawat siyap ng sisiw ay nakakamit nito ang katarungan na para sa mga biktima. Makikita sa akda ang isa sa pahayag na:

*"Isang siyap at nakikita niyang nasa kulungan ang maysala,*

*nagsisisi sa kaniyang mga ginawa."*

Ang paggamit at paglalagay ng sisiw sa ibabaw ng kabaong ayon kay Sherlane (1) ito ay upang makonsensya ang mga tunay na maysala. Sa bawat siyap ng sisiw ay kakalabitin nito ang konsensya ng mga maysala at hindi sila patatahimikin ng mga siyap nito. Ang gawaing ito ay nangyayari pa rin lalo na sa mga nasa mababang sektor ng lipunan na naging biktima ng krimen at ninanais na makuha ang hustisya para sa kanilang mahal sa buhay. Nangyayari pa rin ang paniniwala sa pamahiin na ito lalo na dahil sa walang sapat na pera upang dumaan sa legal na proseso sa pagkamit ng hustisya.

## 4. Lagom ng mga Natuklasan

Makikita sa bahaging ito ang paglalahad ng mga natuklasan at konklusyon sa isinagawang pagsusuri sa maikling kuwentong "Siyap ng Isang Sisiw" na isinulat ni Eugene Y. Evasco. Ang mga resulta ng pagsusuri ay nagbigay tugon sa layunin ng pananaliksik na ito. Hindi maikakaila na ang katiwalian ay laganap pa rin hanggang ngayon sapagkat may pangyayaring hindi pantay-pantay na pagtrato sa bawat indibidwal. Ang paggamit ng kapangyarihan o estado sa lipunan ang siyang pangunahing armas ng sinuman na siyang ginagamit upang pagsamantalahan ang kapwa nito. Kaya naman ang pagkakaroon ng hindi pantay na pagtrato ay naging sanhi upang patuloy na lumaganap ang isa sa mga isyung panlipunan—ang kawalan ng hustisya. Sa maikling kuwento na isinulat ni Eugene Y. Evasco na "Siyap ng Isang Sisiw" kakikitaan ito ng pangyayaring kawalan ng hustisya partikular na sa lipunang Pilipino. Ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong pag-aaral sa pamamaraang content analysis upang masuri ang nilalaman ng akda. Gumamit ang mananaliksik ng mga dulog kagaya ng pormalistiko, humanismo, arketipal, at realismo upang masuri ang akda. Ang resulta ng pagsusuri ng mananaliksik ay natuklasan na ang nilalaman ng akda mula sa mga layunin nito na elemento na tema, tauhan, simbolismo, at hustisya sa lipunang Pilipino ay may kaugnayan sa isyung panlipunan partikular na sa nangyayaring krimen na extra judicial killings ng dahil sa war on drugs. Sa pagsusuri naipakita dito ang kawalan ng hustisya sa lipunang Pilipino at ang ginagamit nitong isang pamahiin ng mga Pilipino upang makamit ang hustisya.

## 5. Konklusyon at Rekomendasyon

***Elemento***

- Ang tema ay nauukol sa kahirapan sa pagkamit ng katarungan partikular na ang mga nasa mababang sektor ng lipunan.
- Ang tauhang naiibang sisiw na nabanggit sa akda ang siyang may mataas ang pangarap at matapang. May pangarap itong iba sa pangarap ng ibang sisiw ito ay pagnanais na maging daan o maging boses para sa mga nanahimik.
- Sumisimbolo ang kuwento sa kawalan ng hustisya sa lipunan, ang karaniwang nangyayari sa isang krimen na hinaharap ng mga mahihirap, ang pag-asa sa pamahiin ng paglalagay ng sisiw sa ibabaw ng kabaong upang makamit ang katarungan, at ang pagsasamantala ng mga may posisyon sa lipunan.

Ang pagkamit ng hustisya sa lipunang Pilipino partikular na sa mga mahihirap ay idinadaan na lamang sa paniniwala sa pamahiin katulad ng paggamit ng sisiw sapagkat pinaniniwalaan na maliban sa walang pera upang dumaan sa legal na proseso sa pagkamit ay hindi pa rin nito makakamit ang katarungang inaasam dahil sa mga may nakataas na gumamit ng pera upang matupad ang kagustuhan nito na magpapakita ng hindi pantay na trato.

***Rekomendasyon*** - Ang pananaliksik na ito ay nagmumungkahi na bigyang pansin ang hindi pantay na pagtrato ng bawat indibidwal at ang paggamit ng kapangyarihan o estado sa lipunan upang maliitin ay pagsamantalahan ang mahihirap. Bigyan ng agarang aksyon at reporma na kung saan dapat ang bawat gobyerno

at ang lipunan ay maging tapat at magkaisa upang makamit ang pantay-pantay na pagtrato sa bawat mamamayan. Magkaroon ng isang masusing pagsusuri at sa sistema ng hustisya sa lipunang Pilipino, pagsusulong ng partisipasyon ng mamamayan, at pagpapalakas ng kaalaman ng mga kawani sa katarungan.

## 6. Sanggunian


Abadines, A. (2017, February 6). *Philippine Judiciary and Criminal Justice System Under Pressure: An Inside Look*. ASEAN Today. https://www.aseantoday.com/2017/02/philippine-judiciary-and-criminal-justice-system-under-pressure-an-inside-look/.

Archetype. (2023). *Britannica.* https://www.britannica.com/topic/archetype

Battad, D. H. (2014). *Teoryang Realismo.* Prezi. https://prezi.com/m6wzaq7lynfv/teoryang-realismo/

Castillanes, K. M. (2018). *Hustisyang para lamang sa mayaman.* Blogspot Blogger. https://krishacastillanes.blogspot.com/2018/02/hustisyang-para-lang-sa-mayaman.html.

Limbo, D. M. (2015). *Teoryang Humanismo.* WordPress. https://donamaylimbo.wordpress.com/2015/10/07/25/

Medalla, R. (2014). *Pananaw Formalismo o Formalistiko*. https://prezi.com/o0nfktc4qpg4/pananaw-formalismo-o-formalistiko/

Olanda, B., Mendoza, A., & Perez, L. (2017). *Extra judicial killing*. pangkatpitoo.blogspot.com. https://pangkatpitoo.blogspot.com/2017/07/extra-judicial-killing.html

Peramide, J. (2021). *Panitikan/Arkitaypal at Saykolohikal.* Prezi. https://prezi.com/p/d6huaaix6xgn/panitikanarkitaypal-at-saykolohikal/

Sherlane. (2014). *Mga pamahiin sa lamay at libing*. Fortunate life. https://fortunate-lady.blogspot.com/2014/08/mga-pamahiin-sa-lamay-at-libing.html

Thalia, J. (2018). *Hustisya para sa lahat.* WordPress. https://hustisyanamanoh.wordpress.com/

Tulfo, R. (2017). *Bulok na sistema ng hustisya.* Pinoy Parazzi. https://www.pinoyparazzi.net/bulok-na-sistema-ng-hustisya/